Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI – KANLURANG VISAYAS
PAMPAARALANG SANGAY NG AKLAN

Pebrero 12, 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 064, s. 2025**

**PARTISIPASYON SA MGA PATIMPALAK NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKAN 2025**

Para sa: **Mga Hepeng Tagamasid**
**Mga Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pampurok**
**Mga Prinsipal/Ulong Gurong Pinuno ng Purok**
**Mga Pinuno ng Paaralang Elementarya, Sekundarya, at Integrado**
**Mga Guro sa Filipino**

1. Kalakip ang Memorandum Panrehiyon Blg. 111, s. 2025 na may petsang Pebrero 07, 2025 patungkol sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 011 na may Pamagat na Partisipasyon sa mga Patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan 2025.

2. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito at paglahok sa mga patimpalak.

PARA SA PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN:

**ROLAND F. DEMOCRITO**
Administrative Officer V
General Services
Nanunuparang Opisyal ng Sangay

Kalalip: Wala
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 011, s. 2025,
Regional Memorandum No. 111, s. 2025
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng mga paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTESTS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

Poblacion, Numancia, Aklan
Tel/Fax No. (265 3740 I 265 3741 I 265 3743)
Website: https://depedaklan.online
Email Address: aklan.1958@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI-WESTERN VISAYAS

FEB 07 2025

REGIONAL MEMORANDUM
No. 111, s. 2025

**PARTISIPASYON SA MGA PATIMPALAK NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKAN 2025**

To: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sa lahat ng mga Kinauukulan

1. Kalakip ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 011, s. 2025 na may pamagat na Partisipasyon sa mga Patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan 2025.

2. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FOR **RAMIR B. UYTICO EdD, CESO III**
Direktor ng Rehiyon

Kalakip: Wula
Sanggunian: Gaya ng isinasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa Ilalim ng sumusunod na mga paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTESTS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MPP/CLMD-RM- Partisipasyon sa mga Patimpalak...
031/Pebrero 6, 2025

Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph

Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

DEPED RO6
RECEIVED
BY:
DATE: 2/5/2025 TIME:
CLMD

Department of Education
Regional Office VI
Duran Street, Iloilo City
RECORDS SECTION
RECEIVED
By:
Date: FEB 03 2025
Control No.: 616

Republic of the Philippines
**Department of Education**

JAN 28 2025

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 011 , s. 2025

**PARTISIPASYON SA MGA PATIMPALAK NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKAN 2025**

Sa mga: Pangalawang Kalihim
Kawaksing Kalihim
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 968 na nilagdaan noong Pebrero 10, 2015, idinedeklara ang buwan ng Abril bilang **Buwan ng Panitikang Pambansa o *National Literature Month*** na nagbibigay halaga sa panitikan na nakalimbag sa iba't ibang wika sa Pilipinas na itinuturing na pamanang pangkultura sa mga susunod na henerasyon.

2. Kaugnay nito, malugod kayong inaanyayahang makilahok sa sumusunod na patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa taong 2025:

a. **Talaang Ginto: Makata ng Taon 2025.** Ito ay isang timpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula. **Dedlayn: Pebrero 7, 2025, 5:00 nh.**

b. **Timpalak sa Tulang Senyas 2025.** Ang timpalak sa tulang senyas ay kauna-unahang timpalak sa pagtula sa pasenyas na paraan. Itinaguyod ito ng KWF na naglalayong kilalanin at bigyang-puwang ang di-matatawarang kakayahan at husay ng mga kababayang kabilang sa *Deaf Community*, at makapag-ambag sila sa panulaang Filipino ng kanilang obra sa pamamagitan ng pasenyas na pagtula. **Dedlayn: Pebrero 7, 2025, 5:00 nh.**

c. **Dangal ng Panitikan 2025.** Ito ay ang mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Pilipino o *lifetime achievement award.* Binibigyang-pagpupugay nito ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan. **Dedlayn: Pebrero 7, 2025, 5:00 nh.**

d. **Dulâ Táyo 2025: Pagsulat ng Dramatikong Monologo** ay onlayn na patimpalak bílang pakikiisa sa pagdiriwang ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) International Decade of the Indigenous Languages (IDIL) 2022–2032, at ng Sustainable Development Goals Manila ResiliArt EarthSaving Event (*under* UNESCO *patronage*) sa pangunguna ng International Theater Institute (ITI)-Philippines Center. Layunin ng patimpalak makapagsulat ng isang orihinal kopya ng iskrip na dramatikong monologo ng iisang tauhan. **Dedlayn: Pebrero 7, 2025, 5:00 nh.**

e. **Dula Tayo: Pagsulat ng Dulang Tandem/Duo.** Ang dulang tandem/duo ay tawag sa anyo ng maikling dula na may iisang yugto, tagpuan, tunggalian, at isinasadula ang isang maliwanag na banghay o daloy ng kuwento. Tinatawag itong Dulang Tandem/Duo dahil sa umiikot lamang ang kuwento sa mga diyalogo ng dalawang tauhan. **Dedlayn: Pebrero 7, 2025, 5:00 nh.**

f. **Tula Tayo 2025!** Ang Tula Tayo ay isang *online* na timpalak sa pagsulat ng katutubong tula na itinataguyod ng KWF para sa Buwan ng Panitikan. Para sa 2025, bukas ang timpalak sa mga dalit, diyona, at tanaga na nakasulat sa wikang Filipino.

| | |
|---|---|
| Dalit | : **20 Ene – 31** |
| Dedlayn | : **Enero 31, 2025** |
| Diyona | : **3 Peb – 14** |
| Dedlayn | : **Pebrero 14, 2025** |
| Tanaga | : **17 Peb – 28** |
| Dedlayn | : **Pebrero 28, 2025** |

3. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga tuntunin at form ng mga timpalak. Ang mga form ay maaaring i-download mula sa l*ink* na ito: https://tinyurl.com/PormularyoKWFBNP2025

4. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Impormasyon at Publikasyon** sa *mobile phone* blg. 0928-844-1349 o *email* timpalak.gawad@kwf.gov.ph at sa **Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division** sa *email* bld.od@deped.gov.ph o telepono blg. (02) 636-6540 at 633-6549.

5. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 015, s. 2023

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa Ilalim
ng sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTEST
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MCR APA MPC, DM-Partisipasyon sa mga Patimpalak ng KWF
0016 - Enero 15, 2025

(Kalakip mula sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 011, s. 2025)

**Mga Tuntúnin sa Paglahok**

**---MGA TIMPALAK---**

## TALAANG GINTÔ: MAKATA NG TAÓN 2025

1. Ang **Talaang Gintô: Makata ng Taón** ay isang timpalak sa pagsulat ng tulâ na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tulâ.

2. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino—maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak. **Gayundin, ang mga nagwagi ng limang beses bílang Makata ng Taón na ituturing nang Hall of Fame ay hindi na rin kalipikadong lumahok.**

3. Ang entring ipapása ay maaaring isang mahabang tulâ (humigit-kumulang sa isang daang (100) taludtod) o isang koleksiyon ng sampung (10) maiikling tulâ (maaaring kulang sa 10 taludtod o humigit sa 15 taludtod ang bawat tulâ) na may **magkakaugnay na tema. Kinakailangang may pangkalahatang pamagat ang ipapásang koleksiyon.**

4. Malayà ang paksâ ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Ang ipapásang mahabang tulâ o maiikling tulâ ay malayà (walang tugma at súkat). Maaari ding ialinsunod ang kalipunan ng mga tulâ sa paksang **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon"** o sa tema ng Buwan ng Panitikan 2025.

5. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tulâ, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon, onlayn man at print. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

6. Itinatagubilin ang paggámit ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (i-download mula sa https://kwfwikaatkultura.ph/kwf-manwal-sa-masinop-na-pagsulat/) bílang gabay sa mga aspekto na mahalaga at kahingian upang makasunod sa mga tuntúning nakasaad dito.

7. Narito ang kraytirya ng patimpalak:

| KRAYTIRYA | Bahagdan |
|---|---|
| **Teknik** - may mahusay na paggámit sa iba't ibang kasangkapang pantulâ upang epektibong maipahayag ang pangkalahatang damdámin at layunin ng akda. | 50% |

| | |
|---|---|
| **Bisa** - may mataas na antas sa pangkalahatang datíng at matulaing bisà ng akda | 50% |
| **KABOUANG MARKA** | **100%** |

8. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa brown envelope ang sumusunod:

   - Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok. Gamítin ang font na Arial 12 pt, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaprint sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
   - Hindi lalagyan ng sagisag-panulat (pen name) ang mga isusumiteng lahok, tanging sa pormularyo ng paglahok /entri form lámang ito ilalagay o makikita;
   - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
   - Entri form/Pormularyo ng Paglahok (https://shorturl.at/mZWI5);
   - Curriculum vitae o bionote ng makata; at
   - (1) isang 2x2 retrato ng kalahok.
   - ipadalá ang lahok sa koreo sa:

**Lupon sa Talaang Gintô 2025**

**Komisyon sa Wikang Filipino**

**2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,**

**Brgy. 640, San Miguel, Lungsod Maynila**

9. Para sa onlayn na pagpapadalá ng lahok:

   - Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa 8 ½ x 11 in (short bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at magkabiláng gilid. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite nang naka-pdf format;
   - Hindi lalagyan ng sagisag-panulat (pen name) ang mga isusumiteng lahok, tanging sa pormularyo ng paglahok /entri form lámang ito ilalagay o makikita;
   - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
   - Entri form/Pormularyo ng Paglahok (https://shorturl.at/mZWI5 );
   - Curriculum vitae o bionote ng makata;
   - (1) isang 2x2 retrato ng kalahok (.jpeg format); at

• Sagutan ang pormularyo sa link na ito:
https://forms.gle/LmgJw8ScVkW2dWY46

10. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **7 PEBRERO 2025, 5:00 nh.** Isasara din ang link para sa onlayn na pagsusumite ng lahok. Kung nagpadala ng lahok sa pamamagitan ng koreo sa hulíng araw, kailangang mag-email ng pruweba ng pagpapadala nitó sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph upang makonsidera sa paghihintay ng lahok.

11. Sa mga nagsumite sa pamamagitan ng koreo, magpapadalá ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok.

12. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

**Unang gantimpala**, PHP30,000 (net) + titulong "Makata ng Taón 2025", tropeo, at medalya;

**Ikalawang gantimpala**, PHP20,000.00 (net) at plake;

**Ikatlong gantimpala**, PHP15,000.00 (net) at plake.

13. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

14. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akdâ.

15. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

**TIMPALAK SA TULANG SENYAS 2025**

1. Ang **Timpalak sa Tulang Senyas** ay kauna-unahang patimpalak sa pagtulâ sa pasenyas na paraan. Itinaguyod ito ng KWF na naglalayong palaganapin ang FSL bilang tunay na wika, pagsulong ng Filipino Deaf culture sa pamamagitan ng panitikan, kilalanin at bigyang-puwang ang di-matatawarang kakayahan at husay ng mga kababayang Deaf, at makapag-ambag silá sa panulaang Filipino ng kanilang obra sa pamamagitan ng pasenyas na pagtulâ.

2. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino na bingi o hard-of-hearing na matatas sa Filipino Sign Language (FSL), maliban sa mga kawani na ng KWF at kanilang mga kaanak.

3. Ang entring ipapása ay isang tulang senyas na hindi bababâ sa dalawampu't apat na taludtod o linya at hindi lalagpas sa apatnapung taludtod o linya. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon.

4. Maaaring ialinsunod ang tula sa paksang **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon."** Maaari ding ialinsunod ang tulâ sa tema ng Buwan ng Panitikan 2025. Ang ipapásang tulâ ay malayà (walang tugma at súkat).

5. Ang lahok ay kailangang orihinal at isesenyas gámit ang Filipino Sign Language (FSL), hindi salin ng nalathala nang tulâ, at hindi pa nasesenyas at nalalathala sa alinmang platform. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

6. Ang pamantayan sa pagmamarka ay:

| KRAYTIRYA | Bahagdan |
|---|---|
| **Kaangkupan sa Tema (Alignment with (signed) Theme)**<br>Ugnay ang tulâ sa paksa ng timpalak.<br><br>Ang nilalaman ay isinenyas sa FSL at salig sa paksang "Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon." | 10% |
| **Estruktura ng Tulâ at Idea (Structure of Poem and Ideas)**<br>Ang pagpapahayag ay malinaw, magkakaugnay, organisado, at nakapanghihikayat. | 10% |
| **Orihinalidad (Originality)**<br>Ang tuláng senyas ay orihinal at hindi pa naisesenyas o nalalathala sa alinmang platform. Ang gumawa ng tuláng senyas at ang sumenyas sa lahok na video ay iisang tao lâmang. | 25% |

| | |
|---|---|
| **Pagkamalikhain at Pampanitikang Pagsenyas (Creativity, Literary Technique or Devices, e.g. iconicity, visual rhyme, metaphor, etc.)**<br>Naipamalas ang kakayahang ipahayag ang tulâ sa pamamagitan ng malikhaing pagsenyas ng mga kamay atbp. | 50% |
| **Kahandaan ng Kalahok (Demeanor)**<br>Kakikitahan ang kalahok ng kahandaan, tiwala sa sarili, tamang tindig, at angkop na galaw ng katawan. | 5% |
| **KABOUANG MARKA** | **100%** |

7. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa email ang sumusunod:

- Isang (1) rekorded na video file ng bersiyon ng tulâ sa FSL at sa format na .mp4 o .mov. I-save ito gamit ang format na:

  Tulang Senyas_Apelyido_Pamagat_2;

- Entri form/Pormularyo ng Paglahok (https://shorturl.at/mZWI5 ) ;
- Sertipikasyon o katibayan bílang Deaf na Pilipino;
- Kung Deaf o Hard-of-Hearing, scanned copy ng PWD ID;
- Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
- Curriculum vitae at/o resume ng kalahok; at
- Isang 2x2 retrato ng kalahok.

8. Ipadalá ang lahok sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph na may subject na: Tulang Senyas_Apelyido_Pamagat_Kategorya.

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **7 PEBRERO 2025, 5:00 nh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

10. Magpapadalá ang KWF ng mensahe (text o email) kung natanggap na ang lahok.

11. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

**Unang gantimpala**, PHP20,000 (net), plake, at medalya;

**Ikalawang gantimpala**, PHP15,000.00 (net) at plake; at

**Ikatlong gantimpala**, PHP10,000.00 (net) at plake.

12. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

13. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin na ng KWF ang video, kasáma ang unang opsiyon sa online publication ng video ng mga nagwaging lahok.

14. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa **0928-844-1349**, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

## TULÂ TÁYO 2025!

Ang **Tulâ Táyo** ay isang onlayn na timpalak sa pagsulat ng katutubong tulâ na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Panitikan. Para sa 2025, bukás ang timpalak sa mga dalít, diyóna, at tanagà na nakasulat sa wikang Filipino na pumapaksa tungkol sa **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon"** at/o tema ng Buwan ng Panitikan 2025.

**Mga Tuntúnin:**

1. Ipapaskil/ilalagay ang mga tulâ—diyóna, dalít, o tanagà—sa google form link na nakapaskil sa nakatalagang poster ng bawat anyo ng tulâ. Susundin ang sumusunod na iskedyul para sa pagpapaskil:

**20 Enero–31 Enero 2025** **Dalít**

**3 Pebrero–14 Pebrero 2025** **Diyóna**

**17 Pebrero–28 Pebrero 2025** **Tanagà**

2. Magiging opisyal ang mga lahok kapag ipinasok sa google form link na matatagpuan sa Facebook page ng Komisyon sa Wikang Filipino. Násа ibaba ang mga link:

Dalít: https://forms.gle/LqxRhLyG2JaAhXNC6

Diyóna: https://forms.gle/raGYeGXp68qSqr8K9

Tanagà: https://forms.gle/1uBLR7vsAssg88tEA

3. Tatanggap ng mga orihinal na tulâ na nakasulat sa wikang Filipino at nása antas tudlikan. Maaaring paksain ng mga tula ang **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon"** at/o ang tema ng Buwan ng Panitikan ng Pilipinas 2025.

4. Narito ang kraytirya ng patimpalak:

Tula Tayo—Dalit, Tanaga, Diyona

| **KRAYTIRYA** | **Bahagdan** |
|---|---|
| **Teknik** - may mahusay na paggámit sa iba't ibang kasangkapang pantulâ upang epektibong maipahayag ang pangkalahatang damdámin at layunin ng obra. | 50% |
| **Bisa** - may mataas na antas sa pangkalahatang datíng at matulaing bisà ng obra | 50% |
| **KABOUANG MARKA** | **100%** |

5. Tatanggap ng isang libong piso (PHP1,000.00) ang unang sampung magwawagi sa bawat anyo at sertipiko. Ipapaskil sa KWF Facebook page at website ang mga magwawagi sa bawat anyo ng tula.

6. Pinal at hindi na mababago ang magiging pasiya ng mga hurado ng timpalak.

**DULÂ TÁYO 2025: PAGSULAT NG DRAMATIKONG MONOLOGO**

1. Ang **Dulâ Táyo 2025: Pagsulat ng Dramatikong Monologo** ay onlayn na timpalak na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Panitikan. Ito ay bílang pakikiisa sa pagdiriwang ng UNESCO International Decade of the Indigenous Languages (IDIL) 2022–2032, at ng SDGs Manila ResiliArt EarthSaving Event (under UNESCO patronage) sa pangunguna ng International Theater Institute (ITI)-Philippines Center.

2. Bukás ang timpalak sa mga Pilipinong edad 18 pataas, násа loob at/o labas man ng bansa, maliban sa mga opisyal at kawani ng KWF at kanilang mga kaanak.

3. Ang lahok ay nakasulat sa wikang Filipino at orihinal na gawa ng may-akda; hindi pa nagagawaran ng parangal, hindi pa naisusumite sa ibang timpalak o publikasyon, hindi pa naililimbag, at hindi rin salin mulâ sa ibang wika.

4. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

5. Ang paksa ay **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon."**

6. Gagamítin ang Arial (font), 12 (font size), 1.5 (spacing), at A4 (súkat ng papel) bílang format ng isusumiteng lahok.

7. Ang isusumiteng monologo ay hindi lalampas sa 20 pahina at kung itatanghal ay hindi lalampas sa 20 minuto.

8. Kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda ang kopya ng lahok. Ang sagisag-panulat ay isusulat o makikita lámang sa entri form/pormularyo ng paglahok.

9. Narito ang kraytirya ng patimpalak:

| **KRAYTIRYA** | **Bahagdan** |
|---|---|
| Banghay | 25% |
| Gamit ng Wika | 25% |
| Karakterisasyon | 25% |
| Malikhaing pagsasanib ng paksa sa piyesa | 25% |
| **KABOUANG MARKA** | **100%** |

10. Isang entri lang ang maaaring ilahok ng bawat indibidwal.

Isumite sa pormang pdf ang Pormularyo ng Paglahok, maaaring i-download mula sa: https://shorturl.at/mZWI5

11. Ilagay ang lahok at ibang mga kahingian sa expandable envelope at ipadala sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Dramatikong Monologo 2025**

**Komisyon sa Wikang Filipino**

**2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,**

**San Miguel, Lungsod Maynila**

12. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 7 Pebrero 2025 hanggang 11:59 ng gabí.

13. Ang tatlong mananalo ay tatanggap ng sertipiko at sumusunod na gantimpala na babawasan ng kaukulang buwis:

**Unang gantimpala**, PHP10,000.00 (net)

**Ikalawang gantimpala**, PHP7,000.00 (net)

**Ikatlong gantimpala**, PHP5,000.00 (net)

14. Ang pasiya ng Lupon ng mga Hurado ay pinal at hindi na mababago.

15. Ang pangalan ng mga mananalo ay iaanunsiyo sa KWF Facebook page sa Abril.

16. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa **0928-844-1349** o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

## DULÂ TÁYO 2025: PAGSULAT NG DULANG TANDEM/DUO

1. Ang Duláng Tandem/Duo ay tawag sa anyo ng maikling dulâ na may iisang yugto, tagpuan, tunggalian, at isinasadula ang isang maliwanag na banghay o daloy ng kuwento. Tinatawag itong Dulang Tandem/Duo dahil umiikot lámang ang kuwento sa mga diyalago ng dalawang tauhan.

2. Ito ay onlayn na timpalak na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa Buwan ng Panitikan. Pakikiisa ito ng KWF sa pagdiriwang ng UNESCO International Decade of the Indigenous Languages (IDIL) 2022–2032, at ng SDGs Manila ResiliArt EarthSaving Event (sa ilalim ng UNESCO patronage) sa pangunguna ng International Theater Institute (ITI)-Philippines Center.

3. Bukás ang timpalak sa mga Pilipinong edad 18 pataas, násа loob at/o labas man ng bansa, maliban sa mga opisyal at kawani ng KWF at kanilang mga kaanak.

4. Ang lahok ay nakasulat sa wikang Filipino at orihinal na gawa ng may-akda; hindi pa nagagawaran ng parangal, hindi pa naisusumite sa ibang timpalak o publikasyon, hindi pa naililimbag, at hindi rin salin mulâ sa ibang wika.

5. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhíling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

6. Ang paksa ay **"Paglingon sa Panitikan ng Rehiyon sa Pagpapabulas ng Panitikan ng Nasyon."**

7. Gamítin ang Arial (font), 12 (font size), 1.5 (spacing), at A4 (súkat ng papel) bílang format ng isusumiteng lahok.

8. Ang isusumiteng monologo ay hindi lalampas sa 20 pahina at kung itatanghal ay hindi lalampas sa 20 minuto.

9. Kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda ang kopya ng lahok. Tanging pamagat at sagisag-panulat lámang ang pinahihintulutan.

10. Isang entri lang ang maaaring ilahok ng bawat indibidwal.

11. Isumite sa pormang pdf ang Pormularyo ng Paglahok, maaaring i-download mula sa: https://shorturl.at/mZWI5

12. Ilagay ang lahok at ibang mga kahingian sa expandable envelope at ipadala sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Dulang Tandem/Duo 2025**

**Komisyon sa Wikang Filipino**

**2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,**

**San Miguel, Lungsod Maynila**

13. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 7 Pebrero 2025 hanggang 11:59 ng gabí.

14. Ang tatlong mananalo ay tatanggap ng sertipiko at sumusunod na gantimpala na babawasan ng kaukulang buwis:

**Unang gantimpala**, PHP10,000.00 (net)

**Ikalawang gantimpala**, PHP7,000.00 (net)

**Ikatlong gantimpala**, PHP5,000.00 (net)

15. Para sa pagmamarka, gagamitin ang pamantayan na:

| **KRAYTIRYA** | **Bahagdan** |
|---|---|
| Banghay | 25% |
| Gamit ng Wika | 25% |
| Karakterisasyon | 25% |
| Malikhaing pagsasanib ng paksa sa piyesa | 25% |
| **KABOUANG MARKA** | **100%** |

16. Ang pasiya ng Lupon ng mga Hurado ay pinal at hindi na mababago.

17. Ang pangalan ng mga mananalo ay iaanunsiyo sa KWF Facebook page sa Abril.

18. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa **0928-844-1349** o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

---GAWAD---

**DANGAL NG PANITIKAN 2025**

1. Ang **Gawad Dangal ng Panitikan** ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Pilipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat—na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akdâ o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Pilipino at mga katutubong wika ng Pilipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mula sa labas ng KWF.

6. Pára sa nominasyon, ihanda ang limang (5) kopya ng sumusunod na kompletong dokumento:

- Pormularyo sa Nominasyon/Entri form (https://shorturl.at/mZWI5);
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akdâ na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

7. Ilagay sa expandable envelope ang mga tinukoy sa bílang 6 at ipadalá sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2025**

**Komisyon sa Wikang Filipino**

**2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,**

**San Miguel, Lungsod Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa **7 PEBRERO 2025, 5:00 nh.**

9. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2025 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng Gabi ng Parangal sa alinmang petsa sa

10. Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa **0928-844-1349** o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.